
	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2022-0032</b>
	<b>Title</b>	<b>Governing Policies of the Konsulta+</b>

Tanong	Sagot
<b>1. Ano ang Konsulta+?</b>	<p>Ang <b>Konsulta+</b> ay ang pangkabuuang benepisyong maaaring makuha sa primary care o outpatient na pasilidad, na itinadhana sa Universal Health Care (UHC) Act o RA 11223.</p> <p>Ito ay bubuuin ng pinalawak na PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta), at ng iba't-ibang standalone benefit packages ng PhilHealth. Sa Konsulta+, ang lahat ng primary care services o outpatient care ay masasakop.</p>
<b>2. Bakit ginawa ang Konsulta+?</b>	<p>Alinsunod sa UHC Law, sisikapin ng PhilHealth na bumuo ng komprehensibong benepisyo para sa primary care na layuning magbigay ng konsultasyon, preventive at screening services, at mas maraming uri ng gamot para sa lahat ng Filipino.</p> <p>Sa pamamagitan nito ay mas maagang matutukoy at maaagapan ang anumang sakit at maiiwasan ang pagpapa-ospital nang hindi kinakailangan.</p>
<b>3. Ano-ano ang mga serbisyong makukuha ko mula rito?</b>	<p>Ang mga serbisyong nakapaloob sa Konsulta+ ay: 1) konsulta, 2) health screening at assessment, 3) laboratoryo, at 4) gamot.</p> <p>Layunin ng Konsulta+ na mas madagdagan pa ang primary care services o outpatient packages na kasalukuyang binabayaran ng PhilHealth. Ito ay upang maisakatuparan ang komprehensibong serbisyong pangkalusugan. Kasama rin dito ang mga susunod pang dagdag standalone benefit packages na ilulunsad ng PhilHealth.</p>
<b>4. Paano ko magagamit ang mga benepisyong ito?</b>	<p>Lahat ng Filipino ay maaaring makatamasa ng benepisyong ito. Kinakailangan lamang na magparehistro sa isang contracted/accredited Konsulta+ provider na mapipili.</p> <p>Ang mga rehistradong miyembro na ng PhilHealth ay kailangan lamang ipakita ang kanyang PhilHealth Identification Number (PIN), habang ang mga hindi pa rehistrado ay aantabayanan sa pagpaparehistro sa kanyang napiling Konsulta+ provider.</p>



	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>2022-0032</b>
	<b>Title</b>	<b>Governing Policies of the Konsulta+</b>

<b>5. Saang pasilidad ko ito magagamit?</b>	Ito ay magagamit sa alinmang pampubliko o pribadong pasilidad na contracted ng PhilHealth bilang Konsulta+ provider kung saan nagparehistro ang miyembro.
<b>6. Kailan ko maaaring magamit ang benepisyong ito?</b>	Maglalabas ang PhilHealth ng mga karagdagang polisiya na may mas detalyadong gabay ukol sa implementasyon ng Konsulta+.

